**ARALIN 5: PAGGAMIT NG KAALAMAN SA KULAY, HUGIS AT BALANSE SA PAGGAWA NG MOBILE, PAPER MACHE AT PAPER BEADS**

**INAASAHAN:**

A. Nagagamit ang kaalaman sa kulay, hugis at balanse sa paggawa ng Mobile, Paper Mache at Paper Beads.
B. Nasusuri at naipaghahambing ang iba’t ibang paraan sa paggawa ng Mobile, Paper Mache at Paper Beads.
C. Napapahalagahan ang paggamit ng kaalaman sa kulay, hugis at balanse sa paggawa ng Mobile, Paper Mache at Paper Beads.



## BALIK-TANAW

**Panuto:** Palawakin ang kaalaman sa mga gamit ng likhang sining sa pamamagitan ng pagsulat ng mga salita sa tamang kolum.

| MOBILE | PAPER MACHE | PAPER BEADS |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**KWINTAS / LARUANG KABAYO / PULSERAS / KURTINA / SISIDLANG KAHON / REPLICA NG HAYOP / PALAMUTI SA PINTO NA MAY DISENYO**

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN


Ang pagkamalikhain ng mga Pilipino ay masasalamin sa iba’t ibang gawang sining nalikha na matatagpuan sa iba’t ibang lugar sa bansa. Ang mga Pilipino ay likas na mahusay sa sining tulad ng paggamit ng kulay, hugis at espasyo. Ang mga disenyong nalilikha ay nagpapakita ng iba’t ibang katangian ng mga Pilipino gayundin sumasalamin ito sa kultura ng lipunang ginagalawan.

Ang **hugis** ay ang mga nakikita at napipisil na mga anyo, korte, porma, pigura, o tabas ng anumang mga bagay.

Ang **kulay** ay mahalagang elemento sa isang disenyo ng kahit anong bagay. Nagbibigay ito ng emosyon, pakiramdam at nakakapag-paalala ng mga nakalipas na karanasan. May kakayahan ang kulay na magbigay kasiyahan, may kakayahan din ito na magbigay ng kapayapaan sa pakiramdam.

Ang **balanse** sa sining ay isa sa mga pangunahing prinsipyo ng disenyo kasama ang kaibahan, paggalaw, ritmo, diin, pattern, at pagkakaisa. Ang balanse ay tumutukoy sa kung paano ang mga elemento ng sining, hugis, kulay, halaga, espasyo, anyo, at pagkakahabi nauugnay sa bawat isa sa loob ng komposisyon sa mga tuntunin ng kanilang visual na timbang,

at nagpapahiwatig ng visualna balanse. Iyon ay, ang isang bahagi ay hindi mukhang mas mabigat kaysa sa iba.

## GAWAIN 1

**Panuto:**

Gayahin ang mobile na nasa larawan.. Isulat ang mga hakbang kung paano ito ginawa./ Isulat sa bond paper ang paraan.



**Tukuyin at suriin ang pansining na gawain ng mga bata gamit ang rubrik:**

| PAMANTAYAN | Nakasusunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3) | Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2) | Hindi nakasunod sa pamantayan (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Nakabuo ng isang orihinal na disenyo. | | | |
| 2. Naipahayag ang kaisipan at damdamin sa paglikha ng disenyong ginamit sa paggawa ng proyekto. | | | |
| 3. Nagamit ng maayos ang kulay, hugis at balance sa paggawa. | | | |
| 4. Malinis na naisagawa ang disenyo at naibalik sa lalagyan ang lahat ng kagamitang ginamit. | | | |

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

1. Paano pa mas mapapaganda ang mga likhang sining na ito sa pamamagitan ng paggamit ng kulay, hugis at balance sa paggawa ng disenyo?
2. Bakit kailangang alamin at sundin ang iba't ibang paraan o teknik sa paggawa?
3. Paano mo napaganda ang nagawang proyekto?

## SANGGUNIAN

Grade 5 ARTS, Learner's Material. Pages 15 – 16

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**
**BALIK – TANAW**
**MOBILE**
kurtina / palamuti sa pinto na may disenyo
**PAPER MACHE**
laruang kabayo / sisidlang kahon /
replica ng hayop
**PAPER BEADS**
kwintas / pulseras

**GAWAIN 1**
Ang iskor ng bata ay maaring ibase sa rubrics.
**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**
Ang mga kasagutan at marka ay maaring
ibase sa pang-unawa ng mag-aaral.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**